# Solid Waste Collection task force binuo ni Mayor JOY B

Upang magkaroon ng isang komprehensibo at maayos na Solid Waste Collection plan, binuo ni Quezon City Mayor Joy Belmonte ang Task Force on Solid Waste Collection, Cleaning, and Disposal Services Management.

Sa ipinalabas ni Mayor Belmonte na Executive Order no. 3 series of 2019, sinabi nitong kailangan ang pagbuo sa team upang matiyak ang pagpapatupad ng solid waste collection, cleaning, at disposal sa lunsod.

Ang task force ang siyang mangangasiwa sa collection at transport ng solid wastes gayundin ang collection maintenance at continuity sa lunsod.

Makikipag-ugnayan din ang grupo sa national agencies at barangays para sa implementyasyon ng solid waste collection and management at magrerekomenda ng service providers para sa disposal services sa lunsod.

Ang Secretary to the Mayor ang chairman ng Task Force on Solid Waste Collection at vice chairperson ng Environment Protection and Waste Management Department. *(Angie dela Cruz)*